OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: Af
Date: 9-29-23 Time: 10:20

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-147

**"KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN AT LUMAGDA SA ISANG MEMORANDUM OF UNDERSTANDING (MOU) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN AT CI-PHILIPPINES INC., NA NAUUKOL SA PAGBIBIGAY NG PROGRAMANG MAKAKALUSUGAN AT PANGKALINISAN."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Phillip Wryner B. Santos**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at CI-Philippines Inc.;

**SAPAGKA'T,** ang kasunduang ito ay para sa pagbibigay ng programang makakalusugan at pangkalinisan;

**SAPAGKA'T,** sa ginawang pagpupulong ay napatunayang ang kasunduang ito ay higit na makakatulong upang makapagbigay ng suportang pang-edukasyon at pangangalagang pangkalusugan kinakailangan sa paaralan sa pamamagitan ng mga regaling *inkind* at sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga kalakal na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga tatanggap.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. PHILLIP WRYNER B. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na bigyan pahintulot ang Punong Bayan, Francis Albert G. Juan, na katawanin ang Pamahalaang Bayan ng Bustos at lumagda sa Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at CI-Philippines Inc., na nauukol sa pagbibigay ng programang makakalusugan at pangkalinisan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-18 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Niña Nikkie Perez, MA**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni | **Soliman C. Santos**<br>Kasangguni |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasangguni | **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni |
| **Virgilio S. Paglinawan**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-18 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim